# U-turn slots, bubuksan na

Balita · 17 Dec 2020 · 2 · Bert de Guzman

Tinalakay ng House Committee on Metro Manila Development sa pamumuno ni Manila Rep. Manuel Luis Lopez nitong Martes, ang mga isyu at reklamo kaugnay ng pagsasara ng U-turn slots sa Epifanio delos Santos (EDSA) na nagiging dahilan ng mabigat na daloy ng trapiko.

"The traffic problem in EDSA has been a perennial one. It seems that this problem has now been compounded by the closure of U-turn slots as we near this Christmas week. Hindi tayo magtataka kung lalo pang lumalala ang problema kapag hindi tayo nakagawa ng solusyon," ani Lopez.

Inihayag naman ni Quezon City Rep. Anthony Peter Crisologo ang mga reklamo ng kanyang constituents na labis na pinahihirapan ng U-turn slot closures.

Umaksyon na ang MMDA upang buksan ang U-turn slots malapit sa Quezon City Academy at maging ang nasa U-turn slot malapit sa Dario Bridge.